**Buod sa Simpleng Wika ng Patakaran sa Tulong Pinansyal**
**Fred Hutchinson Cancer Center**

Available ang mga isinaling bersyon ng buod na ito, ang form ng aplikasyon, at ang patakaran sa tulong pinansyal sa fredhutch.org/financial-assistance :

- 财务援助政策简明概要, Simplified Chinese
- 재정 지원 정책 쉬운 요약, Korean
- Краткое изложение политики финансовой помощи доступным языком, Russian
- Resumen en lenguaje sencillo de la política de asistencia económica, Spanish
- Bản Tóm Tắt Bằng Ngôn Ngữ Đơn Giản Về Chính Sách Hỗ Trợ Tài Chính, Vietnamese
- ናይ ቋንቋ ጽማቕ ንጹር ፖሊሲ ፋይናንሳዊ ሓገዝ , Tigrinya
- សេចក្តីសង្ខេបដោយប្រើភាសាសាមញ្ញអំពីគោលការណ៍ស្តីពីជំនួយហិរញ្ញវត្ថុ , Khmer
- Gunaanadka Macnaha Guud ee Siyaasadda Kaalmada Maaliyadda, Somali

Nakatuon ang Fred Hutchinson Cancer Center sa pagtiyak na makukuha ng aming mga pasyente ang pangangalaga sa ospital na kailangan nila anuman ang kanilang kakayahang magbayad para sa pangangalagang iyon. Bahagi ng aming misyon ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga hindi kayang magbayad at iniaatas ng batas ng estado sa mga ospital na magbigay ng libre at may diskwentong pangangalaga sa mga kwalipikadong pasyente. Maaari kang maging kwalipikado para sa libre o may diskwentong pangangalaga batay sa laki at kita ng pamilya, kahit na mayroon kang insurance sa kalusugan.

Kung sa tingin mo ay maaaring mahihirapan kang makabayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan, mangyaring makipag-usap sa amin. Kung maaari, hinihikayat ka naming humingi ng tulong pinansyal bago tumanggap ng medikal na paggamot.

**Ano ang Saklaw?** Para sa naaangkop na mga serbisyong nakabatay sa ospital sa Fred Hutchinson Cancer Center, nagbibigay kami ng libreng pangangalaga at tulong pinansyal/pangangalagang pangkawanggawa sa mga kwalipikadong pasyenteng nakabatay sa sliding fee scale, na may mga diskwento mula 50% hanggang 100%. Walang pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansyal/pangangalagang pangkawanggawa ang sisingilin ng higit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance.

**Paano Mag-apply:** Maaaring mag-apply ang sinumang pasyente para makatanggap ng tulong pinansyal/pangangalagang pangkawanggawa sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon at pagbibigay ng pansuportang dokumentasyon. Kung mayroon kang mga tanong, kailangan ng tulong, o gustong makatanggap ng form ng aplikasyon o higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin:

- Kapag nagche-check in o nagche-check out ka sa ospital o mga klinika;
- Sa pamamagitan ng telepono: (206) 606-6226 o sa walang bayad na numero sa 1 (800) 304-1763
- Sa aming website sa: fredhutch.org/financial-assistance
- Sa personal: bisitahin ang aming departamento ng Pinansyal na Pagpapayo sa Lake Union Clinic ng Fred Hutchinson Cancer Center na matatagpuan sa 825 Eastlake Ave. East, Seattle, Washington, 98109
- Para makakuha ng mga dokumento sa pamamagitan ng mail nang walang bayad: mag-email sa fincounsel@fredhutch.org o tumawag sa (206) 606-6226

**Iba pang Tulong:**
Tulong sa coverage: Maaari kang maging kwalipikado para sa iba pang programa ng pamahalaan at komunidad. Matutulungan ka naming malaman kung ang mga programang ito (kabilang ang mga benepisyo ng Medicaid/Apple Health at Mga Usaping Pangbeterano (Veterans Affairs)) ay makakatulong na masaklaw ang iyong mga medikal na bayarin. Matutulungan ka naming mag-apply para sa mga programang ito.

Mga diskwento para sa walang insurance: Nag-aalok kami ng diskwento para sa mga pasyenteng walang coverage ng insurance sa kalusugan. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin tungkol sa aming programa para sa diskwento.

Mga plano sa pagbabayad: Ang anumang balanse para sa mga halagang inutang mo ay dapat bayaran sa loob ng 30 araw. Maaaring bayaran ang balanse sa alinman sa mga sumusunod na paraan: credit card, plano sa pagbabayad, cash, tseke, o online na pagbabayad sa singil. Kung kailangan mo ng plano sa pagbabayad, mangyaring tawagan ang numero sa iyong pahayag sa pagsingil.

Salamat sa pagtitiwala sa amin sa iyong pangangalaga.